# PILIIN ANG LAYUNIN KAYSA SA KASIKATAN
# (Namimili Ako Serye, Unang Bahagi)

**A Lord's Flock Worship Topic**

Ni: Bobby Rodriguez, Elder-Founder

Oktubre 4, 2025

Ang pagpili na bahagi na ng ating pang araw-araw na buhay ay mahalaga; resulta tayo ng ating mga desisyon. Kaya, kung sino tayo ngayon ay resulta ng ating mga nakaraang desisyon. Tulad nito, ang desisyon natin ngayon ang magsasabi kung sino tayo bukas at kung saan tayo makararating. Manatili tayong gumagawa ng mga paraan para matuwa si Hesus at hindi ang ibang tao. Sa totoo lang, nilikha tayo ng Diyos para sa banal na layunin. Alamin natin ang ating layunin, para hindi tayo hahantong sa pagpili nang sa akala natin ay maganda o sikat. Sa araw-araw nating paggising, piliin natin ang layunin kaysa sa kasikatan.




1. **Ang Banal na Layunin ng Diyos ay nagpapatibay ng ating pananalig sa Kanya sa pamamagitan ng pagyakap sa Kanyang mga utos. Ang ibig pang sabihin nito ay**
   1.1. **niluluwalhati Siya.** Nilikha tayo para sambahin, sundin, at paglingkuran Siya (Ecc.12:13).
   1.2. **masayang relasyon sa Kanya.** Nagbibigay ito ng walang hanggang kagalakan.
   1.3. **pagiging kawangis ng Diyos.** Matulad sa katauhan ni Kristo na nasasalamin ang likas na katauhan ng Diyos sa pamamagitan ng buhay na may pag-ibig at magagandang gawa (Gal. 5:20).
   1.4 **pagiging mapagmahal at mapaglingkod sa kapwa.** Gamitin natin ang ating mga kaloob, biyaya, at ibahagi ito sa kapwa.
   1.5

2. **Paano natin matutupad ang layunin ng Diyos**
   2.1 **Manalig** kay Kristo. Tinutupad Niya ang Kanyang pangako.
   2,2 **Mamuhay ayon sa Mabuting Balita.** Ibahagi ang Mabuting Balita at mamuhay ayon sa utos ng Diyos: "Magpakabanal kayo, sapagkat Ako'y banal" (1 Pet.1:15-16).
   2.2 **Gamitin ang ating mga kaloob at talento** para maganap ang ating layunin**.**
   2.3 **Hanapin ang kalooban ng Diyos.**
      2.3.1 Ang buhay na Diyos ang nasa gitna ay buhay na pinararangalan Siya.
      2.3.2 Maaari sanang mamuhay nang maginhawa at sikat si Moses, ngunit pinili niyang pagmalupitan siya kasama ang bayan ng Diyos (Heb. 11:24).

3. **Ang layunin** ay hindi lamang ang kabuuan o dahilan para mabuhay.

**3.1** Mayroon din tayong **maliliit na layunin** sa araw-araw o saglit na pagtugon sa tawag ng Diyos. Maaaring simple lang gaya ng tinig ng pag-asa, pagbibigay ng lakas ng loob.

**3.2** Sinabi ni Apostol Pablo: "Ang paglalakad kasama ang Espiritu Santo ay araw-araw na pagpili sa pagitan ng Diyos o kamunduhan. Kaya, pinagkatiwalaan tayo ng Diyos sa maliliit at malalaking bagay (Lk. 16:10), kaya **may kapangyarihan ang pagkilala sa ating layunin dahil**

**3.2.1 nakababawas ito ng pagkagambala, pagdududa, at pag-aalala;** naka pokus tayo kung ano ang gagawin ng Diyos sa atin at sa pamamagitan natin (Neh.6:2-3). Maging tapat tayo sa sandaling gumagawa tayo ng gawaing iniutos ng Diyos.

**3.2.2 itinalaga tayong dumaan sa sakit.** Makararamdam tayo ng sakit sa pagtupad ng layunin ng Diyos dahil si Hesus mismo ay nagdusa para sa Kanyang layunin. Kaya, magtiyaga rin tayo upang makamit natin ang buhay na walang hanggan.

**3.2.3 nabibigyan tayo ng kapangyarihang mapasaya ang Diyos**. Alam ni Moses na napasaya niya ang Diyos, hindi ang mga tao. Sina Pedro at Juan ay sinabihang tumigil na sa pangangaral at piniling mabilanggo dahil sa kanilang layunin (Acts 4:19).

**Konklusyon:** May halaga ang ating kaginhawaan at kasiyahan, ngunit piliin natin ang layunin ng Diyos dahil ang gantimpala ng katapatan ay higit na mahalaga.

**Pagninilay**:
1. Ano ang maliit mong layunin?
2. Paano mo ipaliliwanag ang iyong tagumpay? Tinitingnan mo ba kung ilan na ang "nag-like" o "nag-subcribe"sa yo ?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Ma. Vera I. Tuplano
Tags: #Kalooban ng Diyos
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/16QQ8smJBt/